

# 1

“Pamela, dito ka lang, ha. Huwag kang aalis dito, ha,” bilin ni Yaya Lusing sa alaga.

Nasa palengke sila at bibili sana ng mga palayok, pero wala raw stock si Aling Ingkay. Nasa bahay pa nito ang mga palayok na paninda kaya sasamahan ito ni Aling Lusing para may katulong ang tindera sa pagbubuhat.

“Okay po,” sabi ng siyam na taong gulang na bata.

Kahapon sila dumating galing Maynila. Doon sila naninirahan kasama ng mga magulang niya. Nagbabakasyon lang sila rito sa bayan ng Sta. Ana para bisitahin ang kanyang Lolo Mon Jacobo.

Sa halip na tumayo sa tabi ay lumapit si Pamela sa isang tindahan na may tindang makukulay na sago. Nabighani siya sa mga kulay kaya napatnong siya sa tindera kung para sa ano ang mga bilog-bilog.

“Sago ’yan, ginagamit sa ginataan o sa halo-halo o sa shake.”

“May pera ako dito. Bigyan n’yo ako ng fifty

pesos,” sabi niya sa tindera, at iniabot dito ang pera.  
*Yaya Lusing will cook them for me.*

Binigyan naman siya nito ng isang supot na sago. Inilagay niya iyon sa sariling basket na dala.

Lumipat siya sa ibang tindahan at naghanap pa ng mabibili. May nakita siyang pineapple. Binili niya para sa kanyang Lolo Mon. Pupunta sana siya sa isa pang tindahan nang mahagip ng tingin ang isang batang lalaking may dalang hawla na puno ng mga makukulay na ibon. Sa kabilang kamay ay may bitbit itong bayawak na nasa kulungang kawayan. Hinabol niya ang bata.

“Binebenta mo ba ’yan?” tanong ni Pamela sa batang may malulungkot na mga mata. Gusgusin ang suot nitong polo at shorts. Mukha itong pulubi.

“Oo. Cincuenta isa sa ibon. Ang bayawak naman tatlong daan.”

“Bibilhin ko ang bayawak kaso nga lang kulang na ang pera ko. Pwedeng samahan mo ako papunta doon sa bahay ni Lolo Mon? Hihingi ako ng pera sa mommy ko.”

Pumayag naman ang bata.

“Ano ba’ng pangalan mo?” tanong niya.

“Remus.”

“Pamela naman ang name ko. Ilang taon ka na?”

“Doce.”

“I’m nine.”

Hindi rin naman nagtagal ang paglakad nila dahil tumambad na ang mansion ng kanyang Lolo Mon. Pumasok sila sa bakal na gate at pumasok sa mansion. Dumerecho sila sa opisina ng lolo niya. Wala ang matanda. Isinama niya ang bata papunta sa pinto ng isang kuwarte, pero wala rin ang mommy niya.

Nakasalubong nila ang katulong na si Mona.

“Mona, bakit wala sina Mommy? May pera ka ba diyan? Pwedeng pahiram muna?” sabi niya.

Nakita niyang namilog ang mata ni Mona nang makita si Remus. Tumingin ito sa kanya. “Bakit mo pinapasok ang batang ’yan dito? Paano kung magnakaw dito ’yan?”

Natigilan si Pamela sa galit na expression ng katulong. At hindi na siya nakapagsalita nang mapadaan din ang kusinerang si Nanay Dada at itinaboy nito palabas si Remus.

“Labas! Labas!” sabi nito, hawak sa kuwelyo ni

Remus at kinakaladkad na ito palabas.

Tahimik siyang sumunod at kitang-kita niya kung paano napasubsob ang bata sa konkretong sahig nang ibalya ito palabas ng kusinera. Tumalsik ang hawlang dala nito, at nabuksan. Nakawala ang dalawang ibon kaya tinakbo niya at tinakpan ang hawla para hindi makawala ang lahat.

“Isusumbong ko kayo kay Lolo!” sigaw niya sa dalawa.

Hinablot siya ni Mona. “Huwag kang lumapit diyan, Pamela. Baka mahawaan ka ng kuto o ng kung anong sakit!”

Kinagat niya si Mona kaya napasigaw ito. Napatakbo naman sa kanilang direksyon ang hardinero para ihiwalay ang ngipin niya sa braso ni Mona.

“Sige na, boy!” sabi ng hardinero. “Uwi ka na!”

Mabilis na umalis ang batang lalaki.

Napaiyak siya dahil hindi niya nabili ang bayawak. Gusto niya sana iyong iuwi ng Manila para ipakita sa mga kaklase niya.

Noon dumating ang sasakyan lulan ang lolo at mommy niya.

“Ano’ng nangyari?” tanong ng dalawang kakarating nang makita siyang umiiyak. Gumugulong-gulong nga siya sa sahig sa sama ng loob.

“Naku, ma’am, dinala niyan ang apo ni Salazar Soledad dito sa loob ng bahay,” sagot ng kusinera.

Ibinangon siya ng lolo niya mula sa sahig at inalo. “Huwag ka kasing sumasama sa batang ’yon at baka kung ano ang ituro sa ’yo,” sabi ng matanda.

Hindi siya nagsalita. Masama talaga ang loob niya.

Pinagalitan pa siya ng mommy niya. “Ikaw, bakit mo pinapasok ang batang ’yon dito? Sabi ni Mona pinapasok mo pa sa kuwarto. Paano kung may mawala doon?”

Hindi na siya sumagot sa ginang. Hindi na siya nagsalita buong araw, at para gumaan-gaan ang kanyang pakiramdam, pinapunta ng lolo niya ang mga bata niyang pinsan para may makalaro siya. Mga anak iyon ng pinsan ng mommy niya, si Tito Randolph.

Ang panganay nito ay ang kaedad niyang si Jannah na patay na patay sa kanyang dollhouse. Kapag kasama niya si Jannah, wala na itong ginawa kundi ang laruin ang dollhouse na binili pa ng lolo

niya sa Hong Kong.

“Do you know a child named Remus?” tanong niya sa pinsan.

Umiling ito.

“Yong batang nagbebenta ng reptile sa palengke,” sabi niya. “Yong poor. May punit mga damit niya.”

“Ah, oo,” sabi ni Jannah. “Minsan ang benta niya ahas, minsan scorpion, at minsan spider at minsan real baby crocodiles... so scary! 'Yong classmate kong si Jan-Jan bumili dati sa kanya ng gagamba na sobrang laki, poisonous pa.”

“Oh, my!” sabi niya. “Bili tayo. Alam mo ba kung saan ang bahay nina Remus? Siguro parang zoo 'yon kasi nga marami siyang binebentang animals. Punta tayo!”

“No!” Namilog ang mga mata ni Jannah. “Sabi ng mga classmates ko, monster daw ang lolo niya, 'tapos 'yong nanay witch. 'Tapos may mga kapatid daw 'yun at pinsan na parang mga baliw, 'tapos nakakatakot ang mga hitsura. Nakita ko sila once sa plaza. They're so scary!”

Lalo siyang nahiwagaan. “You mean, real monsters sila?”

“Oo. There was this boy na parang tiyanak talaga ang hitsura. Walang leeg!”

“Really? Punta tayo doon! Gusto ko silang makita!”

“No!” puno ng konbiksyon na sabi ni Jannah.

May naisip siyang ideya para mapapayag ang pinsan. “I’ll give you my dining set pag sinamahan mo ako doon.”

Napaisip si Jannah, at napangiti pagkatapos. “Your dining set and that *Barbie* doll!” Itinuro nito ang *Barbie* doll na nakatago sa estante.

“Okay,” sabi niya.

Tumayo si Jannah at lumabas sila ng kuwarto. Naglakad sila palabas ng gate. Ayon sa pinsan, nakikita raw nito minsan na lumiliko sa isang maliit na daan sa gilid ng puno ng acacia si Remus.

“Nag-aaral din pala siya.”

“Oo. Sa public school.” Tumingin sa kanya si Jannah na parang nahihiwagaan, napapaisip. “You know, parang si Remus lang ang mukhang tao sa kanila. The rest are freaks!”

“Ano’ng ibig mong sabihin?”

“Basta!”

Naku-curious na talaga si Pamela.

Nilagpasan nila ang simbahan, ang palengke, ang ilog, ang highway hanggang sa lumiko sila sa isang maliit na daan.

“Dito!” Huminto si Jannah sa acacia at tinuro ang munting daan na pinapaligiran ng kakahuyan.

Nilakad din nila iyon at natuklasang lumiliit pala iyon habang papasok. “Have you been here before?”

“Nag-picnic ang class namin malapit dito dati,” kuwento nito.

May mga nipa sa magkabilang gilid ng daan. Napatigil sila sa paglakad nang may isang batang nasalubong, may limang taong gulang siguro. May dala itong stick at kinakapa-kapa ang dinadaan.

Bulag marahil ang bata. At parang wala itong leeg.

“Bata, nand’yan ba si Remus? Alam mo ba kung saan ang bahay nila?” tanong ni Jannah.

Tinitigan niya ang mga mata ng bata. Tumitig din ito sa kanya. Mukhang nakakaaninag naman. Nearsighted lang talaga sigurong sobra. “Pwede mo

ba kaming samahan kay Remus?”

Ngumiti ang bata at tumalikod para pangunahan ang daan.

“Ano’ng pangalan mo?” tanong ni Pamela sa batang malabo ang mga mata.

“Rigo.”

Mas kumapal ang kanipaan at naging maputik ang lupa. Puno na nga ng putik ang mga paa at tsinelas nila.

“Look! What’s that?” tanong ni Pamela habang itinuturo ang ang isang kulay rosas na parang prutas na lumulutang sa ilog.

“Baka makopa ’yan,” sabi ni Jannah.

Walang imik ang kasama nilang bata.

Naghanap siya ng mahabang stick para masungkit ang nakitang lumulutang sa ilog. May nakita siyang nabaling sanga ng nipa. Hinatak niya iyon at ginamit na panungkit. At dahil nga sa malayo at pinilit niyang abutin, nahulog siya sa ilog, na hindi niya akalaing malalim. Hindi pa naman siya marunong lumangoy.

“Help! Help!” sigaw ni Pamela.

Si Jannah tumili na rin nang tumili.

Nararamdaman na ni Pamela ang pagpasok ng tubig sa ilong niya at lalamunan. Nawawalan na siya ng hininga. Mamamatay siya! Mamamatay na siya...

May narinig siyang pag-dive at mayamaya ay may isang brasong yumapos sa kanya para hilahin siya sa pampang. Nang makaahon siya mula sa tubig at mahimasmasan ay niratrat siya ng batang lalaki.

“Nandito ka pa ngayon! Mapapagalitan na naman ako dahil sa ’yo, eh. Ano’ng kailangan mo?”

“I want to buy some reptiles,” sabi niya sa maliit na boses.

“Wala!” ang sabi ni Remus bago tumalikod para umalis, pero napatigil nang nakasalubong ang isang madungis na matandang lalaki na sobrang haba ng puting balbas sa mukha.

Si Jannah namutla nang makita ang matanda lalo na nang ipakita nito ang namumulang gilagid sa nginunguya nitong *nganga*.

“At sino ang mga tisay na ito, mga apo?” tanong ng matanda sa dalawang batang lalaki.

Hindi sumagot kahit sino kina Remus at Rigo.

Hinawakan ng matanda ang mga kamay nila ni Jannah at sa paawit na boses ay nagsalita ito. “Dali,

doon tayo sa bahay ko! May mga bayabas doon. Siguradong magugustuhan n'yo."

Ngunit hinablot ni Remus ang mga kamay nila mula sa matanda. "Hindi! Uuwi na sila. Ihahatid ko sila sa bahay nila."

Binigyan ng matanda ng nakakamatay na titig si Remus.

"Gusto mong mabugbog?" Dinuro-duro ng matanda ang noo ni Remus.

Nang hindi matinag ang apo ay hinampas nito si Remus kaya natumba ito sa lupa. Pero muli itong tumayo at sinipa ang matanda kaya napasubsob si Salazar Soledad sa lupa.

Muling hinablot ni Remus ang kamay nilang magpinsan at halos kaladkadin sila palayo. Pati nga ang limang taong gulang na batang si Rigo ay napatakbo rin kasama nila nang tawagin ito ni Remus.

Nang malapit na sila sa puno ng acacia ay inutusan ni Remus ang bata na bumalik na dahil bubugbugin umano ito ng lolo nila kapag nalamang sumunod dito.

"Opo, Kuya Emus," sabi ng bata at naglakad na pabalik.

Inihatid sila ni Remus sa bahay ng kanyang Lolo Mon. Saktong nasa hardin ang mommy niya at naninigarilyo. Nakita nito silang tatlo. Nang mapuna nitong basa ang damit niya ay sininghalan nito si Remus.

“What have you done to my daughter?” Dinaklot pa nito ang kwelyo ng batang lalaki. Tinawag nito ang driver. “Tumawag kayo ng pulis! Dali!”

Pinapasok sila ni Jannah ng mga katulong. At ang huling nakita niya ay ang inosenteng mukha ng walang kalaban-labang si Remus.

Hindi niya iyon kailanman makakalimutan.

Kinaumagahan ay bumalik sila ng Maynila. Pagkatapos ng ilang buwan ay nag-migrate na sila sa Amerika at doon nag-aral si Pamela.

Nakabalik siya sa Sta. Ana nang isang beses, noong disiocho siya, pero hindi na niya nakita si Remus.

Kapag sumasagi sa isipan ni Pamela ang kanyang kabataan, bumabalik ang mukha ni Remus sa kanya. At sa tuwing naalala niya ito ay nakakaramdam siya ng awa para sa lalaki.

## 2

Pamela Soriano had everything in life. Nakikilala na siya bilang isang magaling na ophthalmologist sa Michigan. Nag-train siya sa isang kilalang hospital sa New York, walang maipipintas sa kanyang educational and work background.

Tahimik siyang nagtatrabaho sa isang eye institute nang masampahan ng malpractice suit ng kanyang naging pasyenteng Filipino. Naniniwala siyang successful ang ginawa niyang operasyon sa kababayan. Pero kalaunan ay nabulag ito at sinampahan nga siya ng kaso, humihingi ng isang milyong dolyares mula sa kanya at sa ospital na kanyang pinagtatrabahuhan.

Naglaban sila sa korte. Nanalo siya dahil pinanigan sila ng hukuman. But it was a hollow victory. The case broke her. Nawalan siya ng kumpyansa sa sarili.

Ipinasya niyang umuwi muna ng Pilipinas para makapagbakasyon sa kanyang Lolo Mon at makapag-isip-isip.

October 26 ay sinundo siya ng abuelo sa airport. Kahit paano ay nasundot din ng galak ang mabigat

niyang puso nang makabalik sila sa Sta. Ana at nakita niya ang pamilyar na gate ng mansion ng matanda.

Pagpasok sa bahay ay sinalubong sila ng mga katulong. Naroon pa rin ang kusinerang si Aling Dada at ang hardinerong si Mang Timong. Ibang mukha na ang karamihan sa mga kasambahay. Nag-asawa na rin kasi si Mona, at pumanaw na ang kanyang Yaya Lusing.

Kinagabihan ay dumating ang mga kamag-anak nila para sa isang salu-salo. Naroon si Jannah at ang tatlong taong gulang nitong anak. Nabuntis daw ito ng isang army na may asawa na pala. Pero sexy pa rin ang pinsan niya. Naghahanap daw ng bagong boyfriend.

“Mag-asawa ka na kasi, Pamela,” tukso ng mga kapamilya niya.

Alangang ngiti ang sagot niya. Kahit sa US ay tinutukso siya ng mga kaibigan dahil No-Boyfriend-Since-Birth siya. Expected na niyang mas grabe pa ang magiging panunukso rito sa Sta. Ana dahil sanay ang mga tao rito na early twenties nag-aasawa ang mga dalaga.

Sa states naman, career muna ang inaatupag ng mga babae bago ang pag-aasawa. Sabi nga ng isang

professor nila sa Chemistry dati, dapat daw pagka-graduate ng medicine ay maghanap na sila ng partner. Kapag daw nag-uumpisa na ng career ay mas mahirap nang makahanap dahil subsob na sa trabaho.

“Malay mo, Pamela, baka taga-dito pa ang maging asawa mo,” sabi ni Tita Annabel.

“We’ll see,” ang tangi niyang nasabi.

---

Mahusay mag-breed si Remus ng mga hayop. Ito ang talento niya. Mula sa isang inahing buwayang inalagaan niya noong sampung taong gulang ay dumami iyon sa bilang na limang-daan. At kung dati ay sa *Pamublikong Pamilihan ng Sta. Ana* siya nagbebenta ng mga alaga niyang ibon, ahas at scorpion, ngayon ay may isa na siyang ten-wheeler truck na pang-deliver ng mga buwaya sa pier.

May sampu siyang empleyado na tumutulong-tulong sa negosyo niya. Kahit paano, tuwirang masasabi na di-hamak na umunlad ang buhay niya.

Mula sa crocodile farm ay naglalakad lang siya pauwi sa kanyang munting dampa. Sanay siya sa simpleng pamumuhay, iyong walang luho, kaya sa halip na magpatayo ng magarang bahay, ibinibili na lamang niya ng mga lupain. Kailangan din niya ng

mas malaking farm dahil tumataas ang demand para sa mga 'produkto' niya.

Si Mr. Kho na isa niyang kliyente ay exporter ng balat sa isang manufacturing company sa China na gumagawa ng mga luxury apparel. Mabili ang mga buwaya dahil sa crocodile skin.

Mag-isa siyang naninirahan sa kanyang dampa. Wala siyang kasamang kapamilya dahil galit ang mga ito sa kanya. Ipinakulong niya kasi ang lolo niya noong disiseis siya nang maabutan niyang ginagahasa nito ang bata niyang pinsang si Mae.

Hindi nagsisisi si Remus sa naging desisyon. Kung alam lang niyang may tutulong sa kanya pag nagsumbong siya, di sana ay mas maaga niyang naisuplong ang kademonyohan ng matanda, ang pambubugbog nito sa kanilang mga apo nito.

Lahat kasi sa pamilya niya ay takot sa matanda. Bitbit ang kaunting ipon mula sa pagbebenta ng mga alagang hayop ay sumakay siya ng bus papuntang kapitolyo at kinausap ang Obispo na tulungan siya. Ang Obispo na ang kumuha ng pulis at mga social workers para malagay sa rehas ang kanyang abuelo.

Ang alam niya, alam naman ng buong bayan ang nangyayari sa pamilya nila, pero walang ni isang

tumulong. Nangutya lang ang lahat, ngunit wala talagang ni isang gumawa ng konkretong hakbang para sana masugpo ang kasamaan ng kanilang abuelo.

Ang masahol, imbes na pasalamatan si Remus ng mga kapamilya, sa matanda pa kumampi ang mga ito dahil siguro ito ang pangunahing bumubuhay sa kanilang lahat. Isa pa, talento na rin ng matanda ang magmanipula ng isipan ng mga kapamilya niya.

Hindi pa siya inaantok kaya napagpasyahan niyang pumunta sa pasugalan ni Ingkong para maglibang. Sakay ng owner jeep ay dumerecho siya sa dampa sa tabi ng highway kung saan nagkikita ang mga sugarol sa Sta. Ana.

Pagdating niya roon ay ibinigay ng tauhan niyang si Karoy ang puwesto nito sa kanya para makapaglaro siya.

“Oi, alam n’yo ba, ’yong apo ni Governor Jacobo nandiyan ngayon sa mansion?” tanong ni Bebot.

Matagal na nang maging gobernador ang matandang Jacobo ngunit nakasanayan na ng lahat na tawagin itong *Gob*.

“Doktora na siya ngayon!” masayang balita ni Bebot.

“Talaga? Si Pamela?” tanong naman ni Ingkong. “Crush ko nga ’yon dati. Super pantasya ko talaga ’yon. Sobrang ganda! May asawa na ba?”

“Dalaga pa nga raw! Pihikan daw, eh.”

“Ganyan talaga mga doktora! Lalo na pag ganoon kaganda at katalino.”

Naaalala pa ni Remus ang apo ng gobernador. Sigurado siyang ito iyong mestisa na gustong bumili ng bayawak sa kanya. Naalala nga niyang gusto siyang ipakulong ng nanay nito. Mabuti na lang at napakiusapan ng kanyang ina si Gobernador Jacobo.

“Katulong kasi siya ng doktor sa mata d’un sa bayan. Balita ko mag-aaral daw sa lungsod para makapanggamot dito sa ’tin. Nand’un siya n’ung nagpapagamot sa mata ang nanay ko. Magaling siya,” patuloy ni Bebot.

“Talaga?” tanong ni Remus.

Iyong mga pamangkin niya kasi ay may problema sa mata. Sa naaalala niya kasi kay Pamela, mabait ito. Magiging komportable ang mga bata na magpatingin dito.

Dadalhin nga niya minsan sa doktora ang mga pamangkin at nang mapatingnan. Madalas kasi ay

*The Reptile Boy - Sefah Mil*

---

walang espesyalista sa mata sa ospital na malapit sa kanila. Pupuntahan niya ang kapatid at ipagpapaalam ang mga anak nito para maipagamot.

### 3

Sa *Sta. Ana Public Hospital* nakakuha ng trabaho si Pamela. Assistant siya ng isang matandang ophthalmologist habang hindi pa siya pormal na makakapag-practice bilang doktor sa mata rito sa Pilipinas. Kailangan niya munang kumuha ng lisensya rito. Ipinangako ng lolo niya na hindi iyon magiging mahirap dahil may connection ito sa isang medical school na laging nagsasagawa ng medical mission sa kanilang lugar, at nakausap na nito ang isa sa mga direktor. Ito na raw ang bahala sa paperwork at iba pang kailangan.

Mabait naman ang mga empleyado sa naturang ospital kaya masaya ang mga unang araw niya sa trabaho. Abala siya sa isang bata nang dumating ang kanyang Tita Annabel. May ipapakilala raw sa kanya. Mayamaya ay pumasok sa silid ang batang mayor ng *Sta. Ana*, si Sunny. Sakto namang napatuloy na niya ang bata at ang nanay nito sa clinic ni Dr. Fajardo.

“Of course I remember you,” nakangiting sabi ni Pamela sa politiko nang mangumusta ito at magtanong kung naaalala pa ba niya.

Paano naman niya makakalimutan? Nanligaw

ito nang magbakasyon siya rito sa Sta. Ana noong disiocho siya.

“Nice to know you still remember me,” sabi ni Sunny at pinisil pa ang balikat niya. “And nice to know that you’re staying here for good.”

“Sana nga makatagal ako dito,” sagot niya.

“Mukhang may pasyente ka pa,” sabi ng politiko nang may pumasok sa pintuan. “Invite sana kitang mag-lunch later.”

“Sige,” pagpayag niya.

Isang ngiti ang ibinigay ni Sunny bago ito tuluyang lumabas ng silid. Nagpaalam ito sa kanyang Tita Annabel na mauuna na.

Isang nanunuksong ngiti naman ang ibinigay ng kanyang tita bago ito sumunod sa lalaki.

“Hala, may bago na namang karibal si Doc Suarez,” sabi ng kwelang nurse na si Alma na naghatid sa mga bagong pasyente nila.

Itinutukso ng lahat doon sa ospital sa kanya ang binatang doktor. Cool lang siya sa matchmaking ng mga katrabaho dahil feeling niya baklita ang doktor. Sa ibang bansa, hindi gaanong namamangha ang mga tao sa hitsura niya. Tipikal lang siya roon dahil

maputi ang karamihan.

Dito sa Pilipinas, iba ang reaksiyon ng mga tao sa pagka-mestisa niya. Halos lahat ng mga Pinoy na nakakasalamuha niya ay napapahanga sa kutis ni Pamela.

Wala siyang ganoong reaksiyong nakuha mula kay Doc Suarez nang ipakilala sila sa isa't isa. At halata sa mahinhin nitong galaw na binabae ito. Baka nga si Sunny pa ang ma-type-an.

Ngiti ang sagot niya sa nurse. "Sige na. Pwede mo nang papasukin iyong sunod na pasyente kung meron," sabi niya.

Lumabas na ang nurse. Pagpasok nito ay may kasama nang tatlong bata at isang matangkad na lalaki. Ngumiti siya sa matangkad na lalaki at natigilan dahil pamilyar ang mukha nito. Nagkaroon man ng bigote, lumapad ang katawan at tumangkad, hindi niya makakalimutan ang malamlam at malungkot na mga mata ng batang nagbebenta ng ibon at bayawak sa palengke. Lalong lumapad ang ngiti ni Pamela sa tuwa. "Kumusta ka na, Remus?"

Mukhang hindi inaasahan ng lalaki na makikilala niya ito. Tila hindi nito alam ang magiging reaksiyon.

"Mabuti naman, Doc Pam." Ang dating batang

boses nito ay mamang-mama na talaga.

“Ano’ng maipaglilingkod ko sa inyo?” tanong niya. Itinuro niya ang upuan para umupo ang mga ito.

“Gusto ko sanang patingnan ang mga mata ng mga pamangkin ko. Baka may magagawa pa tayo.”

Sinenyasan niya ang pinakamaliit na bata na lumapit sa kanya para matingnan ang mata. “Nasa lahi ba ninyo ang eye problems o tingin mo wala lang ganang kumain ang mga bata? Baka dala ng poor nutrition, gan’un.”

“Si Rigo talaga ang pinaka may problema sa mata sa amin,” napabuntong-hiningang sagot ni Remus. “Siya iyong nakilala mo noon. Anak ng kapatid kong si Rona ang mga batang iyan kaya posible ngang hereditary.”

“Akala ko mga anak mo sila,” sabi niya.

Umiling ang lalaki. “Hindi, mga pamangkin ko sila.”

Sinuri ni Pamela ang mga mata ng tatlong bata. May pagkaduling, at tulad ng naalala niya kay Rigo, maikli ang leeg. May narinig din kasi siyang balita noon tungkol sa pamilya ng lalaki na produkto ng incest ang ilan sa mga kamag-anak ni Remus.

Pwedeng magkapatid ang mga magulang, pwedeng magpinsan, mag-ama, magtiyuhin o magtiyahin. Pinigil niyang mapabuntong-hininga.

Tiningnan niya nang maigi si Remus. Mukhang normal ito. Guwapo pa nga, kung tutuusin. Nag-isip siya kung ano ba ang dapat na itanong.

“Ah, may anak ka na rin ba?”

Umiling ito.

“Asawa?”

Iling ulit.

“Bakit?”

Nahihiya itong tumawa bago sumagot. “Wala po kasing gustong pumatol, Doktora.”

Isang di makapaniwalang ngiti ang sagot ni Pamela. Totoong may hitsura ang lalaki. Maganda ang pangangatawan nito at ang tangkad pa lang, ma-appeal na. Matangos pa ang ilong at maganda ang mga mata. Mahiyain nga lang at hindi maporma sa suot na pantalon at T-shirt na giveaway ng isang kompanya ng abono.

“Paprangkahin na kita, ha? Ilan sa pamilya n’yo ang ganito? Ibig kong sabihin, iyong may problema

sa mata?”

“Lahat po halos, Doc. Ako lang at ang nanay ko ang wala.”

Tiningnan niya nang maigi ang lalaki. Wala talaga siyang makitang abnormalidad dito! Iniisip niya kasi kung ‘magkamag-anak’ din ba ang mga magulang nito. Pero may chance din kasi na normal ang anak ng dalawang taong literal na magkadugo.

Nang lumabas ang huling pasyente ng doktor, pinapasok niya ang mga bata sa clinic ni Doc Fajardo. Ibinigay niya sa manggagamot ang record ng mga bagong pasyente bago binalikan ang tiyuhin ng mga ito. Mas gusto kasi ng matandang doktor na sa kanya na lang sabihin ang mga bilin nito, para siya na ang magpaliwanag sa pasyente o sa kasama nito, bagay na madalas ay ginagawa na niya bago pa papasukin ang pasyente sa clinic ni Doc Fajardo.

Dederetsahin na niya si Remus. “Matanong ko lang, kamag-anak ba ninyo ang napangasawa ng kapatid mong si Rigo?”

Nang hindi agad nakasagot ang lalaki, hindi na niya ito pinilit. “Sana matulungan n’yo ang mga bata,” sabi lang nito.

Napatango siya. “Magre-recommend ako ng

procedures para matignan kung makokorek pa 'yong mga paningin nila. Since public hospital ito, kailangan mo silang dalhin sa siyudad dahil mas may gamit d'un. Ibigay mo rito sa clinic ang result ng eye exams sa kanila. For the meantime, magrereseta ako ng vitamins. Pag nasa akin na ang result, ia-update kita sa next check up nila." Ngumiti siya rito. "Magdonate daw ang lolo ko ng mga gamit para sa ospital na ito, para dito sa eye clinic, kaso mas okay siguro kung hindi mo na hihintayin iyon."

"Okay. Sige po, Doc." Nagpasalamat ito at nang lumabas ang mga pamangkin ay umalis na.

Lumabas si Doc Fajardo mula sa clinic nito at sinabing magbi-break muna.

Pumasok ulit si Alma pagkaalis ng doktor. Hindi pa siya nakakaimik ay mabilis nang nagkuwento ang nurse.

"Naku, Doc, alam mo ba, ang mga batang 'yon, anak ang mga 'yon ng magpinsang-buo! Magulo nga, eh. Basta sila-sila lang ang nagtsutsugihan. Naku, diring-diri nga ang buong bayan sa pamilya na 'yan!"

Napakunot siya ng noo. Noong bata siya, kapag nagtatanong siya tungkol kay Remus sa mga katulong at sa mga kamag-anak, iwas ang mga ito na sumagot.

Ngayon niya parang naiintindihan ang sitwasyon.

“Si Remus mukhang normal naman,” ang tangi niyang nasabi.

Nagkibit-balikat ang nurse. “Siya nga lang ang normal sa kanila, Doc, dahil hindi naman magkamag-anak ang mga magulang niya. Ganito kasi ’yon. Ang lolo nila na si Salazar Soledad ay may anak na dalawang babae. Naku, binuntis ng matanda ang dalawang anak niya kaya bonjing ang magpipinsan.

“Si Remus, kaya hindi bonjing kasi hindi naman siya anak ng lolo niya, anak ’yan ng lasenggong si Otoy Berto sa panganay na babae ni Salazar. Si Remus lang sa kanila ang hindi anak sa pagkakasala. Pero iyong kapatid niyang sina Rigo at Rona...”

Napailing siya sa narinig. Nakaramdam siya ng habag para sa lalaki. Kaya naman pala wagas kung alipustahin ng lahat ang pamilya nito.

Pero kahit na! Ano ba ang kasalanan ng isang bata kung ipinanganak siya sa ganoong pamilya? We can choose our friends, but we cannot choose our family.

Bumigat ang loob ni Pamela nang maalala ang batang si Rigo na halos bulag at maikli ang leeg.

“Pero huwag ka, Doc! Kahit ganyan lang ang Remus na ’yan, siya na ngayon ang pinakamayaman dito.”

Nagtatanong ang tingin niya kay Alma.

Nagpatuloy ito, naupo muna sa isa sa mga silya sa harap ng mesa niya. “Dati, makikita mo lang ’yang naglalako ng kung anong hayop sa palengke para may makain. Ngayon mahigit limang daan lagi ang alaga niyang buwaya d’un sa farm niya. Eh, magkano ba isang buwaya ngayon? Kahit ganyan ’yan, Doc, nagpumilit talaga siya na makapagtapos ng pag-aaral. Kitam, may narating talaga siya!”

Totoong nasiyahan si Pamela sa narinig. “Umunlad pala siya? Pero grabe, ang simple pa rin niya, ha. ’Yong suot nga niyang shirt giveaway ng isang fertilizer brand.”

“Oo. Big time na talaga siya! Dati, may nililigawan si Remus na teacher dito sa ’tin. Naku, pinaputukan ’yan ng tatay n’ung babae ng baril. Tatanggapin daw nila kahit sino pa ang patulan ng anak basta huwag lang galing sa pamilya nina Remus. ’Ayun, ipinakasal nila si Ma’am sa isang seamanloloko. Binuntis lang siya at iniwan. O, ano’ng say nila ngayon, eh, si Remus ang mayaman sa huli.”

Nakaramdam si Pamela ng pagmamalaki para sa lalaki. Sa hiras ng napagdaanan nito ay naisaliba nito ang sarili. Nagpunyagi talaga ito at mukhang nagtagumpay naman.

---

Nang ibaba ni Remus ang mga pamangkin sa harap ng bahay ng mga ito, naabutan niya sa labas ng barong-barong ang kapatid na si Rona kaya nagpasya na rin siyang kausapin ito. Hindi nga kasi sila nag-uusap dahil kinaladkad niya ito noon sa health center para magpa-ligate para hindi na makapanganak. Kawawa naman kasi ang mga bata. Napapabayaang lang. Wala rin namang trabaho ang pinsan nilang si Chico na napangasawa ng kanyang kapatid. Umuupo lang ang lalaki sa labas ng bahay para magbilang ng mga bituin sa langit.

Buwisit na buwisit siya noon nang malamang buntis si Rona. Gusto niyang bugbugin ang lalaki kung hindi lang siya naawat ng ibang kapamilya. Pagpasensyahan na lang daw dahil parehong kulang sa pag-iisip.

Sa totoo lang, suko na siya sa mga kamag-anak. Gusto niya sanang iwasto ang sitwasyon nilang lahat, pero siya lang ang nagiging masama palagi. Noong isama niya si Rona sa health center, ipinapulisan pa siya

ng nanay nila.

“Sa isang araw, isasama ko uli ang mga bata para mapatingnan sila sa siyudad,” sabi niya kay Rona.

“Baka mamaya pagmamalakihan mo kami sa tulong na ginagawa mo, ha,” sabi ng kapatid.

Hindi na siya sumagot.

Lumabas ang Nanay Esther nila. Nagmano siya rito, pero maasim na mukha lang ang sagot sa kanya ng matanda. Hindi nito matanggap na lumaki raw siyang tulad ng mga mapanghusgang tao sa bayan. Minsan nga nagdrama ito. Bitbit ang itak ay tinagataga nito ang katawan ng puno ng saging.

Lumaki raw siyang suwail. Napakamot na lang siya sa ulo. Siya pa ang suwail gayong kung tutuusin, siya ang may pinakamatinong pag-iisip sa kanilang lahat.

Pero minsan, mabait din sa kanya ang matanda. Iyon ay kapag walang pera. Inuutusan nito ang kapatid niyang si Rigo na humingi sa kanya. Hindi naman niya mahindian dahil ang daming *imbalidong* pinapakain sa pamilya nila. Pagtitinda lang ng uling ang alam ng mga ito, at karamihan pa ay hindi tumutulong.

Hinanap nga ni Remus sa likurang bahay si Rigo dahil ito lang ang kasundo niya. Nakita niya itong nagbubuhay ng mga uling. Noon pa niya planong kunin ito, pag-aralin kung gusto nito, pero wala nang tutulong sa mga babae rito dahil si Rigo ang may pinakamalaking katawan sa lahat at pinakamasipag.

Binigyan niya ng pera ang kapatid para may panggastos ang mga ito. Lingguhan ay nagbibigay siya ng grocery items para kay Rigo at sa nanay nila. Nagpasalamat ito sa kanya.

“Kuya, kuwento ni Joaquin, nandiyan raw si Doc Pamela, sa ospital at nagtatrabaho. Nag-aayos siya ng mata. Samahan mo ako doon, ha,” sabi ng kapatid.

Balak naman niya talagang gawin iyon, inuna lang niya ang mga bata.

“Sige, dinala ko na nga doon ang mga anak ni Rona para mapatingnan. Isasama kita sa sunod na punta namin.”

Noon dumaan ang kapit-bahay nilang si Juaquin. Vibes sina Rigo at Juaquin dahil parehong mahilig sa lambanog. Paggawa ng lambanog ang trabaho ni Juaquin.

Hindi na niya pinagbabawalan si Rigo sa bisyo nitong iyon dahil iyon lang naman ang libangan nito.

Kapag oras naman ng trabaho ay masipag talaga ito.

“Dumating na ang crush ni Rigo,” tukso ni Juaquin.

Napabungisngis ang kapatid niya. Kaya siguro ito desididong magpatingin sa mata ay para makita si Pamela. Kapag kasi sinasabi niyang sasamahan niya ito sa doktor sa siyudad ay bihira niya itong mapilit.

Naalala niyang palagi nga nitong bukambibig dati ang mga kaibigan daw na sina Pamela at Jannah kahit isang beses lang nitong nakasama ang dalawa. Hindi malimutan ni Rigo ang dalawa.

Naalala niyang minsan ay nagkuwento ang kapatid na hinanap daw siya ni Pamela. Binata na siya noon, beinte-uno na, at nag-aani ng pakwan sa kabilang bayan kapag bakasyon. Hindi niya alam kung totoo o gawa-gawa lang ni Rigo iyon dahil wala namang ibang nagpatunay kung talagang hinanap nga siya na Pamela noon.

“Hindi ko nobya ’yon, Juaquin. Kay Kuya ’yon. Si Kuya naman ang hinahanap n’on palagi,” deny ni Rigo.

“Ang ganda-ganda pa rin ni Pamela, Rigo,” tukso ni Remus sa kapatid. “Naku ang puti-puti. Parang bombilya!”

Kinilig ang kapatid. Naalala niya kung paano nito ikinuwento ang Pamelang naghahanap daw sa kanya habang sumasayaw sa saya ang may pagkaduling na mga mata nito. “Ang puti-puti niya, Kuya, parang anghel galing langit! Akala ko nga noong una parang engkantada na lumabas sa puno ’tapos hinanap ka niya.”

“Kailan ba tayo doon pupunta kay Doc Pamela, Kuya? Tamang-tama dahil pahinog na ang tanim kong papaya. Dadalhan ko siya.”

“Oo, magbihis ka, ha, para magustuhan ka ni Doktora.”

Dahil sa marami pang kailangang gawin, nagpaalam na si Remus sa dalawa para maasikaso ang trabaho niya. Siguradong mamayang gabi ay manganganak na ang isang buwaya kaya kailangan niyang bantayan.